フィリピノ語

# Nagoya Multicultural Coexistence Promotion Plan

Komunikasyon, Pamumuhay, Komunidad

-Patnubay Para sa 3 Pagkakaisa-

<Halaw>

3 Pagkakaisa:

Pagkakaisa sa Komunikasyon
Pagkakaisa sa Pamumuhay
Pagkakaisa sa Komunidad

Lungsod ng Nagoya

# 1. Paraan ng Pagpplano

# #Layunin ng Pagpplano

-Ang lungsod ng Nagoya ay sentrong lungsod sa purok ng mga malaking lungsod sa paligid ng Nagoya kung saan maraming manufacturing industry ay nagtitipon. Dahil sentro din ito ng negosyo, naninirahan dito ang maraming may nasyunalidad ng ibang bansa. Naninirahan din ang mga may likuran ng kultura ng ibang bansa kahit na may nasyunalidad ng bansang Hapon katulad ng mga ipinanganak sa pamilyang internasyonal na kasal at mga bumalik galing ibang bansa atbp. Dahil dito, kinakailangang magpabuti ng lungsod upang gumawa ng multicultural coexistence society.

-Hanggang ngayon, ang lungsod ng Nagoya ay gumagawa ng hakbang nang tiyak at para sa bawa't kalagayan para sa multicultural coexistence sa ilalim ng panlahat na plano ng lungsod. Kamakailan lamang ay base sa kinakailangan ng komunidad, gumawa ang lungsod ng Nagoya ng "Nagoya Multicultural Coexistence Promotion Plan" (Tinatawag na "plano" mula dito.) bilang patnubay upang magpabuti nang maparaan at panlahat ng lungsod upang gumawa ng multicultural coexistence society.

# #Panahon ng Pagpplano

-5 taon mula piskal na taon 2012 hanggang 2016

-Pag nagbago ang kalagayan ukol sa multicultural coexistence at may mga dapat na isama atbp, babaguhin ito base sa pangangailangan.

***Ang Multicultural Coexistence Society ay...**

Ang lipunan kung saan ang lahat ng tao na magkakaiba sa nasyunalidad, lahi atbp ay maligayang nakakapagkasama bilang miyembro ng komunidad habang tumatanggap ng kaibahan ng kultura ng isa't isa at nagsisikap na magkaroon ng magkapantay na kaugnayan.

# 2. Pangunahing Pilosopiya

# #Kahalagahan ng Pag-unlad ng Multicultural Coexistence

### Panagot ng Karapatan ng Mamamayan na May Nasyunalidad ng Ibang Bansa

-Ang pag-unlad ng multicultural coexistence ay nakakasang-ayon sa layunin ng paggalang ng karapatan ng tao na may nasyunalidad ng ibang bansa na nakasulat sa “International Covenants of Human Rights” at “International Convention on the Elimination of All Forms of Racial Discrimination”.

### Tungkulin Bilang Punong Lungsod na Nakabukas sa Daigdig

-Makakatupad ang lungsod na ito ng tungkulin bilang punong lungsod na nakabukas sa daigdig sa pamamagitan ng komyunikasyon at pakikisama ng mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa at mamamayang Hapon.

### Pagbabagong-lakas ng Komunidad

-Mapagbabagong-lakas ang komyunidad sa pamamagitan ng paggawa ng komyunidad na nakabukas sa daigdig at mas kahali-halinang komyunidad.

-Mapagbabagong-buhay ang komyunidad na maaaring manghina ang kaugnayan ng mga tao sa pamamagitan ng masiglang komunikasyon sa pagitan ng mga mamamayang Hapon at mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa na madaling ibinubukod.

### Pag-unlad ng Lungsod na Mapayapa, Ligtas at Nakalulugod

-Magagawa ang lungsod kung saan ang lahat ng tao ay namumuhay nang mapayapa, ligtas at nakalulugod sa pamamagitan ng pagtulong sa mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa ng pag-unawa ng batas ng bansang Hapon at tuntunin ng komunidad.

### Paggawa ng Lungsod na May Kasamang Universal Design

-Magagawa ang lungsod na may kasamang universal design sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon na madaling nauunawaan sa gamit ng “madaling wikang Hapon” para sa mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa na hindi masyadong marunong mag-wikang Hapon.

# #Layunin ng Plano at Paraan ng Patakaran

**Paraan ng Patakaran 1　Pagtataguyod ng Komunikasyon**
**-Pagkakaisa sa Komunikasyon-**

**Paraan ng Patakaran 2　Pagtataguyod ng Pamumuhay**
**-Pagkakaisa sa Pamumuhay-**

**Paraan ng Patakaran 3　Pag-unlad ng Komunidad na Multicultural Coexistence**
**-Pagkakaisa sa Komunidad-**

# 3. Balangkas ng Pangunahing Patakaran

**Pangunahing Layunin:**

## Para sa 3 Pagkakaisa Upang Gumawa ng Multicultural Coexistence Society

**Pagkakaisa sa Komunikasyon**: Pagtataguyod ng Komunikasyon

Magsisikap ang lungsod na magbigay ng impormasyon ng pamahalaan sa maraming wika at tumulong sa pag-aaral ng wikang Hapon. At magsisikap ding gumawa ng sistema na nakikipagtulungan sa pang-araw-araw na kalagayan ang mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa at mga mamamayan ng Hapon upang maghanda sa malaking kapahamakan.

### I. Pagbibigay ng Impormasyon sa Maraming Wika

[Pangunahing Patakaran]

**(1) Pagbibigay ng impormasyon ng pamahalaan at pamumuhay sa maraming wika at paraan**

-Bubuksan ang website ukol sa multicultural coexistence, mail magazine para sa mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa atbp.

-Pabubutihin ang paraan ng mabisa at mahusay na pagbibigay ng impormasyon sa mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa.

-Gagamitin ang "madaling wikang Hapon".

**(2) Pagpapabuti ng window service para sa mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa**

-Pabubutihin ang organisasyon ng pamahalaan katulad ng ward office at iba't ibang uri ng sanggunian.

**(3) Pakikipagtulungan sa NPO atbp at mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa**

-Makikipagtulungan ang lungsod sa NPO at boluntaryo na may kinalaman sa multicultural coexistence, opisina pang-konsulado ng ibang bansa, kolehiyo at mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa.

### II. Pagtulong sa Pag-aaral ng Wikang Hapon at Lipunang Hapon

[Pangunahing Patakaran]

**(1) Pagpapabuti ng pagkakataon ng pag-aaral ng wikang Hapon at lipunang Hapon**

-Tutulong ang lungsod ng pag-aaral ng saligang wikang Hapon na kinakailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay sa Nagoya International Center.

-Magbibigay ang lungsod ng pagkakataon na mapag-aralan ang kaugalian atbp ng lipunang Hapon kasama ang wikang Hapon.

-Magbibigay ang kompanya ng pagkakataon ng pag-aaral ng wikang Hapon para sa mga manggagawa na may nasyunalidad ng ibang bansa.

**(2) Pagpapabuti ng sistema para sa pagtulong ng pag-aaral ng wikang Hapon**

-Gagawin ang hakbang sa Nagoya International Center at Japanese Language Education Consultation Center (para sa mga batang mag-aaral).

-Gagawin ang paraan at sistema para sa pagtulong ng pag-aaral ng wikang Hapon.

**III. Pag-iingat sa Malaking Kapahamakan**

[Pangunahing Patakaran]

**(1) Pag-iingat at patalastas sa malaking kapahamakan**

-Pauunlarin ang pagsali ng mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa sa pag-aaral at pagsasanay ng pag-iingat sa malaking kapahamakan.

-Gagawin ang sistema ng pakikipagtulungan.

-Palalakasin at paluluwagin ang pakikipagtulungan sa organisasyon ng pamahalaan at NPO atbp.

**(2) Pag-unlad, pagtulong at pakikipagtulungan ng tagapagsalin at iba't ibang boluntaryo sa panahon ng malaking kapahamakan**

-Iisipin na magkaroon ng pagkakataong tumalakay ang NPO, boluntaryo atbp sa iba't ibang larangan katulad ng kapakanan, edukasyon atbp.

-Pangangasiwaan at pasasanayin ang boluntaryo ng wika sa panahon ng malaking kapahamakan.

**(3) Pagbibigay ng impormasyon sa maraming wika para sa mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa at pakikipagtulungan sa iba't ibang media sa panahon ng malaking kapahamakan**

-Ibibigay nang masaklaw at mabilis ang impormasyon katulad ng babala, impormasyon ng paglikas, tulong sa pamumuhay atbp.

-Ibibigay ang impormasyon sa pamamagitan ng mediang pang-araw-araw na ginagamit ng mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa.

## **Pagtataguyod ng Pamumuhay**: Pagkakaisa sa Pamumuhay

Magsisikap ang lungsod na magpapaunlad ng pagtulong sa pamumuhay upang mag-ayos ng kapaligirang kinakailangan ng mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa para sa mapayapa, ligtas at nakalulugod na pamumuhay.

**I. Paninirahan**

[Pangunahing Patakaran]

**(1) Pagtulong ng maayos na paglipat sa pribadong paupahang bahay**

-Pagbibigay ng impormasyon ukol sa pribadong paupahang bahay atbp at pang-araw-araw na pamumuhay

**(2) Pagbibigay ng impormasyon ukol sa pamumuhay sa komunidad**

-Pagbibigay ng impormasyon paglipat at follow-up pagkalipat sa municipal na bahay

## II. Edukasyon

[Pangunahing Patakaran]

**(1) Pagbibigay ng impormasyon ukol sa sistema ng edukasyon sa mga magulang**

-Ibibigay ang impormasyon sa maagang panahon bago pumasok ang bata sa paaralan sa gamit ng pagpatnubay na ginaganap ng lungsod.

**(2) Pagpapabuti ng pagtulong ng pag-aaral**

-Ang mga guro sa panimulang masikhay na klase ng wikang Hapon, palagiang klase ng wikang Hapon, klase ng edukasyon at pagsasanay ng wikang Hapon, ang mga guro ng wikang Hapon at ang mga guro ng sariling wika ng bata ay maingat na tutulong ng pag-aaral ng wikang Hapon.

-Sasanayin ang mga guro sa paraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral na kailangang turuan ng wikang Hapon at tatauhan ang wastong lugar ng mga gurong marunong ng wika ng ibang bansa.

**(3) Pangangasiwa ng mga batang hindi nakatala sa paaralan**

-Mauunawaan ang kasalukuyang kalagayan ng mga batang hindi nakatala sa paaralan.

**(4) Patnubay sa landas sa kinabukasan**

-Maingat na bigyan ng impormasyon at papatnubayan sa landas sa kinabukasan ang mga bata sa wastong hakbang base sa kalagayan ng isa’t isa.

**(5) Pagpapabuti ng edukasyon ng pandaigdig na pag-unawa sa kinatatayuan ng multicultural coexistence**

-Gaganapin ang pagkakataon upang malaman ang wika at kultura ng ibang bansa.

**(6) Komunikasyon sa paaralan para sa mga may nasyunalidad ng ibang bansa**

-Gaganapin ang pagkakataon para sa komunikasyon sa pagitan ng mga paaralan para sa mga may nasyunalidad ng ibang bansa at komunidad, at ibibigay ang impormasyon ukol sa mga paaralang iyan.

## III. Kapaligiran ng Pagtatrabaho

[Pangunahing Patakaran]

**(1) Pagpapabuti ng kapaligiran ng pagtatrabaho**

-Gagawin ang hakbang base sa "Charter to Ensure the Appropriate Employment of Foreign Workers and to Encourage their Adaptation to Japanese Society".

-Palalakasin ang pakikipagtulungan sa organisasyon na may kinalaman.

## IV. Kalusugan, Medikal na Serbisyo at Kapakanan

[Pangunahing Patakaran]

**(1) Pagpapabuti ng pagbibigay ng impormasyon ukol sa kalusugan, medikal na serbisyo at kapakanan**

-Ibibigay ang impormasyon sa mga may nasyunalidad ng ibang bansa ukol sa national health insurance at national pension system at pauunlarin ang kanilang pagpasok diyan.

-Ibibigay ang impormasyon ukol sa medical na serbisyo sa maraming wika ng ibang bansa.

**(2) Patalastas sa paghadlang sa sakit atbp sa maraming wika ng ibang bansa**

-Ipapatalastas sa mga may nasyunalidad ng ibang bansa ang impormasyon ukol sa tuberculosis (TB), AIDS, STDs atbp.

-Makikipagtulungan ang lungsod sa gawain ng patalastas para sa paghadlang sa droga na ginaganap ng bansa.

**(3) Pagpapabuti ng mga may kinalaman sa medikal na pagsasalin**

-Mabisang pag-aayos ng medikal na tagapagsalin atbp sa kinakailangan ng mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa

-Patakarang nakakatulong sa medikal na serbisyo ng pasyente na may nasyunalidad ng ibang bansa

**(4) Pagsusuri ng kalusugan at konsultasyon ng kalusugan**

-Pauunlarin ang iba't ibang uri ng pagsusuri ng mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa.

-Pagsusuri ng kalusugan, konsultasyon ng kalusugan, psychological care atbp sa maraming wika ng ibang bansa

**(5) Pagtulong ng kalusugan ng mag-ina (maternal and child health), at pag-aalaga ng bata**

-Ibibigay ang impormasyon ukol sa gawain ng kalusugan ng mag-ina at gaganapin ang edukasyon ukol sa pag-aalaga ng bata sa maraming wika ng ibang bansa.

**(6) Pangangasiwa ng DV (domestic violence)**

-Ipapaalam at ipapatalastas sa mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa ang impormasyon ukol sa paghadlang ng DV atbp.

-Ipapadala ang tagapagsalin sa sanggunian.

## **Pag-unlad ng Komunidad na Multicultural Coexistence**: Pagkakaisa sa Komunidad

Magsisikap ang lungsod na gumawa ng kapaligirang ang mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa ay makakapagsama sa komunidad at makakasali sa lipunan upang pananagutan ang kanilang karapatan, matutupad nila ang tungkulin sa komunidad at susuportahan nila ang komunidad.

### I. Patalastas sa komunidad

[Pangunahing Patakaran]

**(1) Patalastas sa mga mamamayan sa komunidad atbp**

-Paggawa ng website atbp na nagtitipon ng impormasyon ukol sa multicultural coexistence

-Gawain ng patalastas sa mga mamamayan sa komunidad atbp ukol sa multicultural coexistence

**(2) Paggawa ng himpilan at ng mga kikilos para sa multicultural coexistence**

-Tungkulin ng Nagoya International Center bilang himpilan

-Klase ng wikang Hapon, aklatan atbp sa komunidad

-Pakikipagtulungan sa kolehiyo, organisasyon ng boluntaryo atbp

**(3) Paggawa ng event para sa komunikasyon sa temang multicultural coexistence**

-Gagawin ang event para sa iba't ibang komunikasyon sa pamamagitan ng sport, kulturang pagkain,

kultura sa pang-araw-araw na pamumuhay atbp base sa pangangailangan ng komunidad.

## II. Kasarinlan ng Mga Mamamayan na May Nasyunalidad ng Ibang Bansa at Kanilang Pagsali sa Lipunan

[Pangunahing Patakaran]

**(1) Pakikipagtulungan sa mahalagang tao (key person) at network ng mamamayan**

-Hahanapin ang mahalagang tao (key person) sa komunidad ng mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa.

-Pakikipagtulungan sa mahalagang tao (key person) sa komunidad ng mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa

**(2) Paggamit ng sistema upang isama ang palagay ng mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa sa patakaran**

-Itatatag ang "pulong ng mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa (pansamantalang tawag)".

**(3) Pagsali ng mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa sa komunidad**

-Pauunlarin ang pagsali ng mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa sa iba't ibang event para sa komunikasyon ng komunidad.

-Ipapaalam ang sistema ng samahan ng mga magkakapitbahay, samahan ng komunidad atbp sa mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa.

-Iisipin ang paraan ng pagpapahalaga sa gawain ng mga tao at organisasyon na matagal na tumutulong para sa pag-unlad ng multicultural coexistence.

**(4) Paggamit ng mga mag-aaral na may nasyunalidad ng ibang bansa at ng mga dalubhasa na may nasyunalidad ng ibang bansa**

-Tutulungan ang mga mag-aaral na may nasyunalidad ng ibang bansa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa kolehiyo atbp.

-Gagamitin ang mga mamamayan na may nasyunalidad ng ibang bansa na may iba't ibang palagay ng kahalagahan at mataas na dalubhasa sa sangguniang-tagapayo atbp.

# 4. Para sa Pag-unlad ng Plano

## #Paggawa ng Pagsasagawa ng Plano

-Isasama ang plano sa tiyak na patakaran at gagawin ang plano para sa pagsasagawa upang pangangasiwaan ang pag-unlad at pagpapahalaga niyan sa piskal na taon 2012.

## #Paggawa ng Sistema sa Pamahalaan ng Lungsod Para sa Pag-unlad

-Iisipin ang paggawa ng sistema sa pamahalaan ng lungsod para sa pag-unlad ng patakaran ukol sa multicultural coexistence kasabay ng paggawa ng pagsasagawa ng plano.

-Igigitna ang pulong atbp ng buong lungsod at makikipagtulungan ang mga kawanihang may kinalaman upang magpa-unlad ng pagsasagawa ng patakaran.

## #Pakikipagtulungan sa Organisasyong May Kinalaman

-Titingnang mabuti ang kalakaran ng patakaran ng bansa, hihilingin ang pagpapabuti ng mga batas atbp base sa pangangailangan at pagsisikapang ibabahagi ang impormasyon at makipagtulungan sa Prefectura ng Aichi at Public Interest Incorporated Foundation, Aichi International Association.

-Ipagpapatuloy ang pakikipagtulungan sa Public Interest Incorporated Foundation, Nagoya International Center, na may punong tungkulin.

-Ipapatalastas sa mga kompanya. At palalakasin ang pakikipagtulungan sa kolehiyo, opisina pang-konsulado ng ibang bansa, NPO, boluntaryo atbp.